
3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:
## Ako at ang Katangi-tanging Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_AP3_Module 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Ako at ang Katangi-tanging Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Goldie Mae M. Tacusalme | |
| **Editors:** | Francis Maye O. Daya, Adelma D. Cudera, Nina Z. Young | |
| **Tagasuri:** | John B. Visillas, Christopher U. Gonzales, Emma Tipudan Esteban, Lea C. Manambay | |
| **Tagalapat:** | Jonathan M. Mosquera | |
| **Tagaguhit:** | Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae A. Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon C. Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan | |
| **Tagpaglapat:** | Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John Peresores | |
| **Tagapamahala:** | Allan G. Farnazo<br>Mary Jeanne B. Aldeguer<br>Analiza C. Almazan<br>Danilo R. Dohinog<br>Ma. Cielo D. Estrada | Nelson C. Lopez<br>Cheerylyn A. Cometa<br>Christopher P. Felipe<br>Leonora Liza D. Dacillo<br>Alicia I. Ayuste |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:
## Ako at ang Katangi-tanging Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloyna naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin.Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. Maysusi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM naito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawasa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo upang matulungan kang maintindihan ang aralin. Ang mga saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na magamit ito sa iba't ibang mga sitwasyon sa pag-aaral.

Ang iyong kasanayan sa pagkuha ng impormasyon ay lubos na malilinang sa araling ito. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain ay iyong mailalarawan at mapahahalagahan ang iyong kinabibilangang lalawigan at rehiyon. Sa paraang ito, maaari mong ibahagi sa iyong kapuwa ang mga magaganda at katangi-tanging bagay tungkol sa lalawigan at maging sa iyongrehiyon.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ayinaasahang:

- nabigyang-halaga ang katangi-tanging lalawigan sa kinabibilangang rehiyon (MELC- AP3KLR-IIj-8).



# *Subukin*

Piliin ang titik ng may tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang mangga, niyog, gulay, at palay ay mga halimbawa ng ________________na matatagpuan sa bawat lalawigan.

A. simbolo
B. negosyo
C. kuwento
D. produkto

2. Noong 2013, hinati ang Davao del sur sa dalawa. Tinawag na _______________ ang kabilang parte nito.
   A. Davao de Oro
   B. Davao Oriental
   C. Davao del Norte
   D. Davao Occidental

3. Ito ang mga mahahalagang pangyayari sa isang lugar ng isang lalawigan o rehiyon.
   A. bayani
   B. kuwento
   C. sagisag
   D. kasaysayan

4. Paano mo mailalarawan ang isang progresibong lalawigan?
   A. may maraming gusali
   B. may malawak na lupain
   C. may kakaibang katangian
   D. may natatanging kasaysayan

5. Isa sa mga tanyag na tao ay ipinagmamalaki ng lalawigan ng Davao del Sur dahil sa kasanayan sa pag-awit.
   A. KZ Tandingan
   B. Onyok Velasco
   C. Yeng Constantino
   D. Manny Pacquiao

# Aralin 1 Ako at ang Katangi-tanging Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

## *Balikan*

Sa mga nakaraang aralin, natutuhan mo na ang iyong lalawigan tulad ng ibang lalawigan sa iyong rehiyon ay may mga bayani na nag-ambag para sa kaunlaran ng lalawigan.

Basahin ang sumusunod at isulat sa patlang ang **Tama** kung wasto at **Mali** kung hindi wasto ang nakasaad sa bawat pangungusap. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

________1. Bayani ang tawag sa mamamayan na nag-alay ng kanilang panahon, talento at buhay para sa ikauunlad ng kanilang lalawigan.

________2. Ang taong hindi nagbuwis ng buhay ay hindi bayani.

________3. Huwag isama sa kasaysayan ang mga naiambag ng mga bayani sa ating lalawigan o rehiyon.

________4. Ang pagpupugay sa bantayog ay isang halimbawa ng pagpapahalaga sa ating mga bayani.

________5. Bilang bata, maaari mong pahalagahan ang mga naiambag ng mga bayani sa pamamagitan ng paggawa ng tula, awit o pagguhit ng lawaran tungkol dito.

*Mga Tala para sa Guro*

Basahin at ipaunawa nang mabuti ang mga panuto sa bawat hakbang at gawain. Ipaalala sa mag-aaral na gumamit ng hiwalay na papel sa pagsulat ng kanilang mga sagot sa mga gawain. Lahat ng sagutang papel at mga proyektong nagawa ay ipapasa sa guro upang mabigyan ng nararapat na marka.

## *Tuklasin*

Ang rehiyon 11 ay kilala sa maraming bagay. Kabila ng ditto ang mga sumusunod:

- Tahanan ng Philippine Eagle na siyang pinakamalaking agila at hari ng kalangitan ng Pilipinas;
- Bulaklak ng Waling-waling na reyna ng mga orchid;
- Ang hindi mahindiang Durian na hari ng mga prutas; at
- Ang Mt. Apo na siyang pinakamataas na rurok ng bansa at hari ng mga bundok ng Pilipinas.

Ang mga ito ay makikita sa iba't ibang lalawigan ng ating rehiyon.
Napuntahan mo na ba ang mga lalawigan sa ating rehiyon?
Sa iyong palagay, alin dito ang katangi-tanging lalawigan?

Bakit?

## Suriin

Basahin natin ang maikling kwento tungkol sa katangi-tanging lalawigan ng ating rehiyon, Ang lalawigan ng Davao del Sur.

### Ang Bakasyon sa Lalawigan

"Magandang araw, Luisa! Kumusta ka?", tanong ni Mario sa kaibigang matagal na hindi nakasama. "Mabuti naman ako Mario, ikaw kumusta? Balita ko nagbakasyon ka raw sa lalawigan ninyo?", sagot ni Luisa.

"Ay, oo! Pumunta ako sa lalawigan ng Davao del Sur. Kasama ko sina tatay at nanay sa pamamasyal. Marami kaming lugar na napuntahan", sambit ni Mario.

"Ganoon ba? Kuwentuhan mo naman ako. Nasasabik akong malaman ang tungkol sa lugar na iyan", pakiusap ni Luisa sa kaibigan. "Oo ba! Sabi ni Tatay, noong 1967 naging ganap na lalawigan ang Davao del Sur. Dati, isang malaking lalawigan ang Davao del Sur. Labinlima ang munisipyo nito ngunit noong 2013, hinati ito sa dalawa at siyam na munisipyo na lamang ang naiwan kabilang ang kabisera nito, ang Digos City.

Tinawag naman na Davao Occidental ang kabilang parte nito", masiglang isinalaysay ni Mario habang si Luisa ay matiyagang nakikinig sa kanya.

"Noon ay isang simpleng lalawigan lamang ang Davao del Sur. Payak ang pamumuhay ng mga mamamayan dito ngunit ngayon isa na itong progresibong lugar. Malalapad at sementado na ang mga daan. May mga malalaking pabrika at mga negosyo ang naitayo na rito. Sa sentrong lungsod nito ay may mga **malls** at malalaking gusali."

"Nilibot namin ang Davao del Sur mula sa Sta. Cruz hanggang Malalag. Maganda ang mga baybayin doon.

"Naligo kami sa Pasig Islet na isang maliit na isla na maaari mong lakarin kung mababaw ang tubig sa dagat at sasakay ka naman ng bangka kapag mataas na ang mga alon. Maraming bukirin doon at mga burol. Sa katunayan, ang Davao del Sur ay nasa paanan lamang ng Mt. Apo na napalilibutan ng mga bulubundukin", buong pusong pagkukuwento nito.

"Taga-roon pala ang iniidolo mong mang-aawit na si KZ Tandingan at ang mananayaw na si Dao Mhac?

Pati ang idolo ko na si Scottie Thompson ay taga Davao delSur din pala! Akalain mo yun?", pagbibida niya. "Ay, ang galing! Marami palang kilalang tao na taga roon," sagot ni Luisa.

"May iba't ibang bagay at produkto rin sila roon na sumisimbolo sa kanilang lugar. Mayroon silang matatamis na mangga at maraming niyog. May mga taniman ng gulay at mga palay. Marami ring pabrika roon na gumagawa ng iba't ibang produkto. Pinakapaborito ko ay ang napakasarap na mga kakanin lalo na ang suman at bibingka. Marami pang maaaring puntahan kung may sapat na panahon at kakayahan ka na bumiyahe. Talagang malilibang ka roon," pagmamalaki ni Mario.

"Wow! Ang saya at ang dami mong napuntahan. Gusto kong makapunta rin doon!", namamanghang sagot ni Luisa.

"Hinding-hindi ko makakalimutan ang bakasyon ko sa Davao del Sur. Hayaan mo sa susunod na uwi namin sa lalawigan,sasabihin ko kina Tatay at Nanay na isama ka. Tiyak na malilibang tayo sa pamamasyal", puno ng galak na pag-aanyaya ni Mario sa kanyang kaibigan.

## *Pagyamanin*

Sagutan ang mga tanong at isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano-ano ang bagay na katangi-tangi sa lalawigan ni Mario?

   ______________________________________________

2. Sa kuwento ni Mario, paano niya binigyang-halaga ang mga katangian na kasiya-siya sa kaniyang lalawigan?

   ______________________________________________

## *Isaisip*

Pumili ng lalawigan na katangi-tangi sa iyong pananaw at sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin ito sa isang malinis na papel.

1. Nararapat ba na ipagmalaki at bigyang-halaga ang mga katangitanging lalawigan sa ating rehiyon? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ikaw, paano mo mabibigyang-halaga ang katangi-tanging lalawigan sa iyong rehiyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________



# *Isagawa*

## Gawain 1

Paano mo maipakikita na pinahahalagahan mo ang katangi-tanging lalawigan sa iyong kinabibilangang rehiyon? Mula sa napag-aralang paksa, gumawa ng islogan na naglalarawan sa katangi-tangi mong lalawigan. Gawin ito sa bond paper.

## Gawain 2

Gumawa ng isang proyekto na nagpapakita ng iyong pagpapahalaga sa lalawigan na naging katangi-tangi para sa iyo. Maaaring pumili sa mga nasa ibaba. Gawin ito sa bond paper.

- pagsulat ng tula
- pagsulat ng awit o rap
- pagguhit ng larawan o poster



# *Tayahin*

Piliin ang titik ng may tamang sagot at isulat ito sa sagutangpapel.

1. Ano ang ginawa ng pamahalaan noong 2013 upang mapangasiwaan ng husto ang Davao del Sur?
   A. hinati sa dalawa ang lalawigan
   B. nagkaroon ng mga batang mangggawa
   C. tinaasan ang buwis ng mga mamamayan
   D. nagkaroon ng malawakang pamumuhunan

2. Paano sinumulan ni Mario ang pagpapakilala sa lalawigang kaniyang napuntahan? Tinalakay ang______________
   A. kasaysayan ng lalawigan
   B. kapaligirang pisikal ng lalawigan
   C. kaayusan ng pamamahala sa lalawigan
   D. katayuan ng mga mamamayan sa lalawigan
3. Sila ang mga naninirahan sa isang lugar o lalawigan na nakapagbigay ng inspirasyon sa lahat.
   A. lipunan
   B. kabataan
   C. kalalakihan
   D. mamamayan
4. Alin sa mga sumusunod na katangian ang nabanggit sa kuwento ni Mario na may magandang mapagliliguan?
   A. GAP Farm
   B. Pasig Islet
   C. Eden Garden
   D. Vanishing Island
5. Ano ang dapat gawin sa mga natatanging bagay o katangian na nagpatanyag o nagpapakilala sa lalawigan o rehiyon?
   A. isama sa kasaysayan
   B. ipaalam sa kamag-anak
   C. ipaubaya sa pamahalaan
   D. iwanan sa mga matatanda

## *Karagdagang Gawain*

Magsaliksik ng mga larawan ng mga katangi-tanging bagay, produkto, tanawin at tao na kilala sa iyong lalawigan. Gupitin at idikit ito sa bond paper.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Tayahin | Balikan | Subukin |
|---|---|---|
| 1. A | 1. TAMA | 1. D |
| 2. A | 2. MALI | 2. D |
| 3. D | 3. MALI | 3. D |
| 4. B | 4. TAMA | 4. A |
| 5. A | 5. TAMA | 5. A |

# *Sanggunian*

Revised Learning Materials in Araling Panlipunan 3, 2019. Unpublished, 247-252.

Antonio, D., Banlaygas E. at Lagarto J., 2015.Kayamanan: Rehiyon ng Davao. Rex Bookstore, 90-94.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd ComplexMeralco
Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph